

Impormasyon Para sa Mga Taong May Kapansanan na Benipisyaryo ng Isang Trust

Ano ang isang trust o pondong ipinagkatiwala?

Ang trust ay isang legal na ugnayan sa pagitan ng tatlong partido: ang settlor na nagse-set up ng trust, nag-aambag ng assets (o mga ari-arian at kayamanan) sa trust, nagtatakda ng mga tagubilin sa kung sino ang mga benipisyaryo ng assets at kung paano ito gagamitin o pamamahalaan; ang tagapangalaga (trustee) ay ina-appoint upang pamahalaan at pangasiwaan ang assets; at ang benipisyaryo ay isang tao na maaaring makinabang sa iba't ibang paraan mula sa assets na pag-aari ng trust.

Ang tagapangalaga ay kinakailangan upang pamahalaan ang pag-aari ng trust ayon sa mga tagubilin sa dokumento ng trust at kailangang gamitin ang ari-arian para lamang sa kapakinabangan ng mga benipisyaryo. Ang ikatlong partido ay hindi karapat-dapat na makinabang sa trust maliban kung ispesipikong itinakda sa dokumento ng trust. Ang isang trust ay maaaring gawin sa pamamagitan ng testamento ng isang tao (isang "ipinamanang trust") o isang dokumento ng trust na ginawa ng isang tao upang magkaroon ng bisa habang buháy siya (isang "inter vivos" na trust).

Naglalarawan ang dokumentong nagbigay-bisa sa trust ng likas na mga katangian at saklaw ng benepisyo para sa bawat benipisyaryo at nagbabalangkas ng mga tungkulin at kapangyarihan ng tagapangalaga. Ang pangkalahatang mga

responsibilidad at kapangyarihan ng isang tagapangalaga ay matatagpuan din sa *Trustee Act*.

Paano nagpapasya ang isang tagapangalaga kung kailan magbibigay ng benepisyo?

Ang isang "non discretionary" trust ay kinakailangan na ang isang tagapangalaga ay gumawa ng ilang mga pagbabayad sa mga benipisyaryo.

Ang isang "discretionary" trust ay nagbibigay sa tagapangalaga ng pagpapasya kung nararapat bayaran ng pondo ang isang benipisyaryo.

Kapag ang isang tagapangalaga ay may pagpapasya (discretion), dapat niyang isaalang-alang ang mga sumusunod kapag gumagawa ng desisyon kung magbibigay ng benepisyo sa sinumang benipisyaryo:

- ang mga ispesipikong term ng trust;
- kasalukuyang sitwasyon ng benipisyaryo;
- kung ang benipisyaryo ay nakakatanggap ng iba pang mga benepisyo na maaaring maapektuhan;
- ang kakayahang pinansyal ng trust na suportahan ang mga benepisyo;
- anumang mga posibleng konsikwensya ng buwis sa trust at sa benipisyaryo; at

- anumang mga potensyal na epekto sa ibang mga benipisyaryo.

Isang mahalagang pangkalahatang prinsipyo ng pangangasiwa ng trust ay ang tinatawag na “even hand rule” (pantay-pantay na pagtrato), kung saan kinakailangang timbangin ng tagapangalaga ang mga karapatan at interes ng lahat ng mga benipisyaryo ng trust at kumilos nang walang kinikilingan. Ang ilang mga dokumento ng trust sa partikular ay hindi ginagamit ang “even hand rule”.

Maaapektuhan ba ang mga benepisyoy para sa may kapansanan (disability benefits) kapag ang isang tao ay benipisyaryo ng isang trust?

Pangprobinsiyang Benepisyoy Para sa mga May Kapansanan

Ang epekto ng mga pagbabayad mula sa isang trust o pangprobinsiyang benepisyoy para sa mga may kapansanan ay depende sa patakaran ng probinsiya at sa pagpapasya ng tagapangalaga kung paano gagastusin ang mga pondo. Kung ang trust ay discretionary, ang mga benepisyoy sa ilalim ng *Employment and Assistance for Persons with Disabilities Act in BC* (Batas para sa Pagtatrabaho at Pagtulong sa Mga Taong May Kapansanan) ay karaniwang hindi maaapektuhan kapag sinusunod ang mga alituntunin ng probinsiya. Kung ang tagapangalaga ay walang pagpapasya, ang mga pangprobinsiyang benepisyoy para sa mga may kapansanan ay maaaring maaapektuhan. Dapat makipag-ugnayan ang mga benipisyaryoy sa kanilang provincial administration office upang malaman kung paano maaaring maaapektuhan ang kanilang mga benepisyoy kapag mayroon silang trust.

Iba pang mga Benepisyoy Para sa mga May Kapansanan

Para sa iba pang uri ng mga benepisyoy para sa may kapansanan (halimbawa, mga pampederal na benepisyoy para sa may kapansanan, benepisyoy mula sa insurance, pribadong pangmatagalan na benepisyoy para sa may kapansanan), maaaring may mga restriction na nakasaad sa kung ano ang maaaring matanggap ng benipisyaryoy mula sa trust. Mangyaring kontakin ang source / administrator ng benepisyoy para sa mga may kapansanan upang malaman kung paano ang kanilang mga benepisyoy ay maaaring maaapektuhan.

Ano ang mga kinakailangan para sa pagiging kumpidensyal ng isang tagapangalaga?

Sa isang pribadong trust na itinatag para sa kapakinabangan ng pamilya o mga kaibigan ng settlor, ang tagapangalaga ay maaaring kinakailangang ibunyag ang tungkol sa trust at anumang impormasyon na nauukol sa trust sa ilang tao bukod sa mga benipisyaryoy at kanilang legal na kinatawan. Maaaring kinakailangang ibunyag ng tagapangalaga ang impormasyon sa mga ahensya na tulad ng Canada Revenue Agency, Korte Suprema ng BC o Public Guardian and Trustee (PGT). Ang tagapangalaga ay maaari ring magbigay ng ilang impormasyon sa isang pinansyal na institusyon kapag nagbubukas ng account o kailangang patunayan sa isang third party tulad ng lender, na ang tagapangalaga ay may awtoridad na ipatupad ang ilang transaksyon. Mahalaga na ang lahat ng impormasyon ukol sa bawat benipisyaryoy ay nalalaman ng tagapangalaga upang siya ay makagawa ng maalam na mga desisyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PGT, bisitahin ang aming website sa www.trustee.bc.ca o makipag-ugnayan sa amin.

Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Estate and Personal Trust Services

700–808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

TELEPONO **604 660 4444**
FAX **604 660 0964**
EMAIL **estates@trustee.bc.ca**

Matatawagan nang libre sa pamamagitan ng Service BC.
Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para
sa iyong lugar (sa ibaba), humiling na maikunekta sa PGT.

VANCOUVER **604 660 2421**
VICTORIA **250 387 6121**
MGA KARATIG NA LUGAR **1 800 663 7867**
EMAIL **mail@trustee.bc.ca**
WEBSITE **www.trustee.bc.ca**

*Mga oras ng opisina sa PGT, Lunes hanggang Biyernes 8:30am
- 4:30pm*

Mahalagang paalala:

Ang publikasyong ito ay inihanda bilang pagtugon sa madalas na mga katanungan mula sa mga taong may kapansanan at ng kanilang mga tagapag-alaga. Nagbibigay ito ng pangkalahatang impormasyon at hindi kapalit ng legal na payo ng isang abogado. Para sa tulong sa pagkuha ng legal na payo, tumawag sa Canadian Bar Association's Lawyer Referral sa 604.687.3221 o 1.800.663.1919 (libre sa mga karatig ng Lower Mainland).